Eat Well, Live Well.

AJINOMOTO®

# AGP

## Ajinomoto Group Policies

Filipino
Pilipino

# MGA NILALAMAN


Mensahe mula sa Pangulo ........ 1

Anu-ano ang mga Ajinomoto Group Policies (AGP)? ........ 2

Saklaw ng Pagpapairal ........ 2

Pananagutan ng kumpanya ........ 2

Pangunahing Prinsipyo ........ 3

Sandigan ng Pamamahala at Tiwala

1. Pagtatatag at Pagpapatupad ng Maayos na Pamamahala ........ 3

Panlipunang Misyon ng Kumpanya at Paglalaan ng Halaga

2. Hakbang para sa Karapatang Pantao ........ 4
3. Mga Inisyatiba ukol sa Kalusugan at Nutrisyon ........ 5
4. Ambag sa Pandaigdigang Kapaligiran at Pagpapanatili Nito ........ 6

Mga Pananagutan sa mga Stakeholder

5. Mga Mamimili: Paglalaan ng mga Produkto at Serbisyong Ligtas at Mataas ang Kalidad ........ 7
6. Mga Kasosyo sa Negosyo: Patas at Malinaw na mga Transaksyon ........ 8
7. Mga Investor at Shareholder: Pagtitiwala at Pananagutan ........ 10
8. Mga Lokal na Komunidad: Pakikipagtulungan sa Komunidad ........ 11
9. Mga Politiko at Gobyerno: Malinaw na Ugnayan ........ 12
10. Mga Empleyado: Pagsasanay sa Yamang-Tao at Pagtiyak ng Kaligtasan ........ 13

Mga Pamantayan ng Panloob na Sustenabilidad at Personal na Pag-uugali

11. Pangangalaga at Pangangasiwa ng mga Ari-arian ng Korporasyon at mga Impormasyon ukol dito ........ 14
12. Malinaw na Pagkakaiba ng Negosyo at Personal na bagay ........ 15


## Mensahe mula sa Pangulo



Layunin ng Ajinomoto Group na “mag-ambag sa Kapakanan ng lahat ng tao, ng ating lipunan, at ng ating planeta nang kaagapay ang ‘AminoScience’.” Ito ang dahilan kaya natin itinataguyod ang simulain ng ASV (Ajinomoto Group Creating Shared Value) – ang ating natatanging paraan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan sa tulong ng ating komersyo at pagpapalago ng ating negosyo sa pamamagitan ng paglikha ng halaga katuwang ang lipunan at mga lokal na komunidad.

Ang pagtataguyod ng ASV ay nangangailangan ng pagtutulungan ng iba't ibang stakeholder, at ang pagtutulungang ito ay maaari lamang mangyari kung itaas ng bawat isa sa atin sa Grupo ang ating kamalayan tungkol sa pagtalima at magsikap tayo upang matamo ang pagtitiwala ng lipunan. Ang pagpapatatag ng integridad — kung saan ang mga indibidwal na empleyado ay nag-aangkin sa kanilang pamamaraan at ugali, nag-iisip nang malaya, nagpapasya nang makatu-wiran, at kumikilos nang matapat — ay nag-uudyok sa pangangasiwa ng ASV, at ang sandigan ng integridad na ito ay nakasalalay sa Ajinomoto Group Policies (AGP). Ang bawat empleyado ng Ajinomoto Group, na ginagabayan ng mga prinsipyong nakatakda sa AGP at gumagamit ng indibidwal nilang paghuhusga upang kumilos nang may integridad — ang tinatawag nating “Think Well, Do Well” — ay nagpapalakas sa kultura ng ating organisasyon at lumilikha ng pagpapahalagang katuwang (shared values) sa Ajinomoto Group.

Ang AGP ay naglalarawan ng mga pinaniniwalaan at pag-uugaling dapat panindigan ng mga kumpanya sa Grupo at ng bawat isa sa ating nagtatrabaho rito at dapat iukol sa lahat ng ating mga aktibidad, at naglalaan ng nakasulat na panata sa lahat ng ating mga stakeholder na paninindigan natin ang mga iyon.

Ang ating layunin ay mag-ambag sa kapakanan ng lahat ng tao, ng ating lipunan, at ng ating planeta sa paraang nagtatamo ng pagtitiwala sa pamamagitan ng paninindigan sa AGP sa lahat ng ating ginagawa.

Shigeo Nakamura

Shigeo Nakamura
Director
Representative Executive Officer
President & Chief Executive Officer
Ajinomoto Co., Inc.

### Anu-ano ang mga Ajinomoto Group Policies (AGP)?

Ang AGP ay nagtatakda ng mga paniniwala at pag-uugali na pinagtutuunan ng lahat ng mga kumpanya sa Ajinomoto Group at ng bawat isa sa ating nagtatrabaho rito. Ang AGP ay nagsisilbing kasulatang pangako sa lahat ng ating mga stakeholder na ating pagsisikapang panindigan ang mga paniniwala at pag-uugaling nakasaad dito.

Ang AGP ay binubuo ng 12 Pangunahing Prinsipyo at isang serye ng mga Patakaran ng Grupo na nauugnay sa kanila.

Ang AGP ay pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng Ajinomoto Co., Inc. noong Mayo 30, 2018, batay sa Ajinomoto Group Code of Conduct na itinatag noong Abril 2000, at nirebisa noong 2009, 2014, at 2017. Nirebisa ang AGP ayon sa pangangailangan mula noon.

### Saklaw ng Pagpapairal

Ang AGP ay pinapairal sa lahat ng mga kumpanya ng Ajinomoto Group, sa kani-kanilang mga opisyal, at mga empleyado.

Hinihikayat din ng Ajinomoto ang mga supplier at ibang kasosyo sa negosyo sa value chain nito upang panindigan ang diwa ng AGP sa kanilang pagkilos.

### Pananagutan ng kumpanya

- Tinitiyak ng mga kumpanya ng Ajinomoto Group na ang lahat ng mga opisyal at empleyado ay nakakaalam sa AGP at sumusunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, at sa AGP.
- Ang mga kumpanya ng Ajinomoto Group ay nagbibigay-diin sa pagsunod sa AGP. Tinitiyak din ng mga kumpanyang ito na walang masamang maidudulot sa mga opisyal at manggagawa ang pagsunod sa pamantayang ito.
- Kinikilala ng pamunuan ng bawat kumpanya sa Ajinomoto Group ang sarili nilang tungkulin sa pagsunod sa AGP at nagsisilbi silang huwaran ng pagtalima. Tinitiyak din ng pamunuan ang pagtalima sa loob ng kanilang kumpanya at nagtatatag sila ng epektibong panloob na sistema ng pagtugon kung saan pinagsasama ang mga opinyon mula sa loob at labas ng kanilang kumpanya.
- Kapag mayroong malubhang paglabag sa AGP, tulad ng paglabag sa batas o regulasyon, lilinawin ng pamunuan sa mga stakeholder ang kanilang paninindigan sa paglutas ng suliranin at gagawa sila ng mga kinakailangang hakbang upang matukoy ang sanhi at maiwasan ang muling pangyayari noon.

# Pangunahing Prinsipyo

## Sandigan ng Pamamahala at Tiwala

### 1. Pagtatatag at Pagpapatupad ng Maayos na Pamamahala

1.1 Sumusunod tayo sa mga kaugnay na batas at regulasyon at kumikilos alinsunod sa AGP bilang sarili nating code of conduct.

1.2 Itinatatag natin ang mga sistema ng pamamahala na nakaugat sa angkop na delegasyon ng mga panunungkulan at pananagutan gayundin ang pamamahala ng Grupo sa isang patas, malinaw at mahusay na paraan upang patuloy na madagdagan ang halaga ng ating korporasyon.

1.3 Ipinatutupad natin ang estratehikong pamamalakad at pagtutok sa mga sitwasyon ng panganib upang matiyak ang kahandaan sa pagtugon sa mga pampulitika, pangkabuhayan, at panlipunang mga problema tulad ng terorismo, cyber-attacks, at kapinsalaang dulot ng kalikasan.

1.4 Nagsasalita tayo kung tayo ay makakakita ng anumang uri ng pandaraya o paglabag sa mga batas at alituntunin sa AGP o sa lugar ng trabaho at sa negosyo. Sumasangguni tayo sa naaangkop na mga tagapamahala at ginagamit natin ang sistema ng pagsusumbong upang ilantad sa liwanag ang mga alalahanin at mga problema.

1.5 Mahigpit nating iniiwasan ang anumang pagkakasangkot sa mga sindikato na banta sa pampamayanang kaayusan at kaligtasan. Bukod dito, tayo ay walang tinag na tumututol sa mga sindikato at tumatanggi sa anuman at lahat ng di-nararapat na panghihingi.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pamamahala
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pamamahala ng Panganib
- Napagkasunduang Patakaran tungkol sa Pagkuwenta at Pananalapi
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pag-iwas sa Pandaraya at Pag-aaksaya
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagsusumbong

## 2. Hakbang para sa Karapatang Pantao

2.1 Nagsasagawa tayo ng mga gawaing pangnegosyo ayon sa pag-unawa sa mga pandaigdigang karapatang pantao at sa paggalang sa mga pandaigdigang kodigo ng pag-uugali na may kinalaman sa karapatang pantao.

2.2 Nakikipagtulungan tayo sa iba't ibang stakeholder at nagsasagawa ng nararapat na pagsisikap sa karapatang pantao upang matiyak na hindi tayo lalahok, o mag-aambag, sa paglabag sa karapatang pantao. Dagdag pa rito, kung maging malinaw na nagdulot tayo o nag-ambag sa masamang epekto sa karapatang pantao, magsisikap tayo upang magpatupad kaagad ng mga hakbang para iwasto at lunasan iyon.

2.3 Iginagalang natin ang batas at kultura ng bawat bansa at rehiyon kung saan mayroon tayong negosyo. Ipinagbabawal natin ang diskriminasyon at panliligalig laban kaninuman batay sa lahi, etnikong grupo, nasyonalidad, relihiyon, paniniwala, lugar ng kapanganakan, kasarian, edad, kapansanan, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlang pangkasarian, o anumang iba pang dahilan.

2.4 Pinagtutuunan natin ang pagpuksa sa pagpapatrabaho sa mga bata at sapilitang pagpapatrabaho, at ang pagtiyak ng ligtas, malusog at maginhawang kapaligiran sa trabaho. Iginagalang natin ang mga batayang karapatan sa trabaho, kabilang ang kalayaang bumuo ng asosasyon, kalayaang mag-organisa, at karapatan sa kolektibong pakikipagtawaran.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Karapatang Pantao

## 3. Mga Inisyatiba ukol sa Kalusugan at Nutrisyon

3.1 Nag-aambag tayo sa mas malusog na pagkain at pamumuhay sa pamamagitan ng malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga mamimili at paglalaan ng mga balanseng produkto, impormasyon, at serbisyo sa naaangkop na presyo at sa anyong madaling makamit.

3.2 Tumutulong tayo para mapabuti ang kapakanan hindi lamang sa pamamagitan ng pagtiyak ng naaangkop na bagay na masustansya, kundi sa pamamagitan din ng masasarap na lasa, iba't ibang mapagpipiliang pagkain, pagsasalo, mahusay na solusyon sa pagluluto, at pagsasaalang-alang sa pandaigdigang kapaligiran.

3.3 Naglalaan tayo ng mga produktong masustansya at para sa pangangalaga ng kalusugan, impormasyon, at serbisyong tumutugon sa malawak na mga pangangailangang pangkalusugan — mula sa prebensyon hanggang sa paggamot — na makakatulong para mabuhay ang mga tao nang mas matagal at mas malusog.

**Mga Napagkasunduang Patakaran at Panuntunan ng Grupo (Group Shared Policies and Guidelines)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Nutrisyon
- Panuntunan sa Estratehiya ukol sa Nutrisyon ng Ajinomoto Group
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagkakaroon ng mga Produkto

## 4. Ambag sa Pandaigdigang Kapaligiran at Pagpapanatili Nito

4.1 Sa pamamagitan ng paglalaan ng ating mga produkto at serbisyo at sa iba pang mga gawaing pangnegosyo, nakikipagtulungan tayo sa mga komunidad at mamimili upang mamuhay tayo nang magkakasundo at upang magbunga ng mga sustenableng "lipunang nagreresiklo" na nagbabalanse sa emisyon at absorsiyon ng greenhouse gas upang makatulong sa paglikha ng mundo kung saan net-zero ang emisyon. Dagdag pa rito, nagpapatupad tayo ng mga inisyatibang positibo sa kalikasan upang maiwasan o mabawasan ang pagkawala, at/o maibalik at muling bigyang-buhay ang mahalagang likas na kapital at biodiversity, na kailangang-kailangan na sandigan para sa ating mga gawaing pangnegosyo.

4.2 Hinihikayat natin ang bawat isang mahusay na gumamit ng anumang bagay at enerhiya at pagsumikapang mamuhay nang responsable sa kapaligiran.

**Mga Napagkasunduang Patakaran at Panuntunan ng Grupo (Group Shared Policies and Guidelines)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kapaligiran
- Mga Panuntunan sa Biodiversity ng Ajinomoto Group
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kapakanan ng mga Hayop



## 5. Mga Mamimili: Paglalaan ng mga Produkto at Serbisyong Ligtas at Mataas ang Kalidad

5.1 Patuloy tayong naglalayong unahing palagi ang ating mga mamimili, at sa pamamagitan ng progresibong teknolohiya at pagkamalikhain, makagawa at makapagbigay ng ligtas at may mataas na kalidad na mga produkto at serbisyo.

5.2 Nagbibigay tayo ng wasto at nakatutulong na impormasyon tungkol sa ating mga produkto at serbisyo upang makuha at mapanatili ang tiwala ng mga mamimili, matugunan ang kanilang inaasahan, at matiyak ang kanilang kasiyahan.

5.3 Tinitiyak nating ang lahat ng ating pangangalakal at pag-aanunsiyo ay nagagawa nang may pagdinig sa boses ng mamimili at sa paraang responsable, lalo na kung para sa mga bata.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kalidad
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kaligtasan ng Pagkain
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Komunikasyon sa Pangangalakal
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Paglalarawan ng Pakete

## 6. Mga Kasosyo sa Negosyo: Patas at Malinaw na mga Transaksyon

6.1 Pinagsusumikapan nating maging patas at malinaw sa lahat ng ating mga transaksyon at mapanatili ang makatarungang gawi, nang may pagpapahalaga sa mga kasosyo sa negosyo.

6.2 Gumagawa tayo ng mga hakbang upang matiyak ang masusing pag-unawa at pagtalima sa mga panuntunan at batas na kaugnay sa patas na kompetisyon sa bawat bansa kung saan mayroon tayong negosyo. Hindi tayo makikipagsabwatan sa ating mga kakumpitensiya upang aregluhin ang presyo o benta/laki ng produksiyon upang limitahan ang kumpetisyon. Hindi tayo gumagamit ng mga di-makatarungang paraan upang puksain ang mga kakumpitensiya o harangan ang kanilang pagpasok sa merkado.

6.3 Kapag pumipili ng mga subcontractor at supplier, patas nating sinusuri at pinaghahambing ang mga bagay tulad ng presyo, kalidad at serbisyo. Hindi tayo nakikilahok sa mga gawaing maka-ka-agrabyado sa ating mga kasosyo sa pamamagitan ng pang-aabuso ng ating dominanteng posisyon.

6.4 Kaisa natin ang mga subcontractor at supplier sa ating pagsisikap na matupad ang mga pananagutan natin sa lipunan, kasama na ang pangangalaga sa kalikasan at karapatang pantao, at nakikipagtulungan tayo sa mga supplier upang mag-ambag sa responsableng pag-procure at sustenabilidad ng mga komunidad sa buong supply chain.

6.5 Sa pakikitungo sa ating mga mamimili at kasosyo sa negosyo, kumikilos tayo nang tapat at hindi nakikilahok sa di-naaakmang asal tulad ng pagbibigay ng di-nararapat na regalo, paglilibang, o salapi.

**Mga Napagkasunduang Patakaran at Panuntunan ng Grupo (Group Shared Policies and Guidelines)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagkakaroon ng Gamit
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Papel ng Ajinomoto Group
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Palm Oil ng Ajinomoto Group
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Kape ng Ajinomoto Group
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Soy ng Ajinomoto Group
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Sugarcane ng Ajinomoto Group
- Mga Panuntunan sa Pag-procure ng Karneng Baka ng Ajinomoto Group
- Napagkasunduang Patakaran para sa mga Supplier
- Mga Panuntunan para sa Napagkasunduang Patakaran ng Grupo para sa mga Supplier

## 7. Mga Investor at Shareholder: Pagtitiwala at Pananagutan

7.1 Ginagawa natin ang lahat ng makakaya upang makapangasiwa nang maayos, makapagdulot ng tubo sa mga shareholder, at makamit ang patuloy na pagtaas sa halaga ng korporasyon.

7.2 Ipinababatid natin ang anumang impormasyon sa ating mga stakeholder sa akmang panahon at angkop na pamamaraan, at tumutugon tayo nang patas at tapat sa kanilang mga inaasahan at pagtitiwalang ipinagkaloob sa atin.

7.3 Bumubuo tayo ng mga ugnayan ng tiwala at nagtataguyod ng pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng dalawang-daan na diyalogo sa ating magkakaibang stakeholder.

7.4 Pinananatili at pinapatakbo natin ang isang wasto at epektibong Sistema upang matiyak ang kredibilidad at katumpakan ng pinansyal na impormasyong ibinibigay sa mga stakeholder.

7.5 Hindi tayo nakikilahok sa mga ilegal na gawain tulad ng insider trading, kabilang na ang pangangalakal ng mga stock o iba pang pamumuhunan gamit ang impormasyong lingid sa publiko na para sa mga kumpanya ng Ajinomoto Group at/o mga kasosyo sa negosyo.

7.6 Tinutupad natin ang ating responsibilidad sa lipunan sa pamamagitan ng pagtalima sa mga batas hinggil sa buwis at pagbabayad ng naaangkop na buwis sa bawat bansa kung saan tayo nagpapatakbo, habang maayos na pinamamahalaan ang mga panganib sa buwis.

**Mga Napagkasunduang Patakaran at Panuntunan ng Grupo (Group Shared Policies and Guidelines)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pandaigdigang Buwis
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagbibigay ng Impormasyon sa mga Stakeholder
- Mga Panuntunan sa Pag-iwas sa Insider Trading

## 8. Mga Lokal na Komunidad: Pakikipagtulungan sa Komunidad

8.1 Sinisikap nating gumawa ng mga makabuluhang ambag sa lipunan upang lumikha ng mga malulusog na mga pamayanan kung saan tayo'y nakikipagkalakalan at gayundin sa kabuuan ng mas malawak na lipunan. Tayo ay nakatuon sa pagpapaunlad ng ekonomiya, kultura at edukasyon ng bawat pamayanan kung saan mayroon tayong negosyo.

8.2 Kung magbigay ang Kumpanya ng donasyon sa anumang organisasyon, malinaw nating tinutukoy ang layunin at panlipunang kabuluhan noon, nagpapasya alinsunod sa mga tuntuning panloob, sinusunod ang lahat ng kinakailangang proseso, at tinitiyak ang pagtalima sa mga naaangkop na batas at kalinawan.

8.3 Bilang kasapi ng lipunan, tayo ay handang makilahok sa iba't-ibang gawaing pang-komunidad.

8.4 Kinikilala natin na ang bawat isa sa atin, bilang isang empleyado ng Ajinomoto ay kinatawan ng Ajinomoto Group sa tuwing nakikisalamuha tayo sa publiko, at dahil dito, ang ating mga galaw, sa lahat ng pagkakataon, ay ganap na ayon sa kamalayan sa pag-uugali ng isang lipunan.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagpapahusay ng Lokal na Pamayanan

## 9. Mga Politiko at Gobyerno: Malinaw na Ugnayan

9.1 Kapag tayo ay nakikilahok sa mga politikal na gawain bilang mga indibidwal na may personal na paninindigan, ginagawa lamang natin iyon sa labas ng oras ng trabaho at sa labas ng kumpanya upang maiwasan ang anumang maling pag-unawa na ang mga ganoong gawain ay kumakatawan sa posisyon ng Kumpanya.

9.2 Hindi tayo nagbibigay ng regalo, paglilibang, salapi, o iba pang benepisyo na itinuturing na suhol sa mga lokal o dayuhang opisyal ng gobyerno, o sa mga taong may katumbas na katungkulan, sa anumang paraan. Pinapanatili natin ang maayos at normal na ugnayan sa mga gobyerno at opisyal.

9.3 Kung nakikilahok ang Kumpanya sa mga politikal na gawain o nakikisalamuha sa mga administratibo o pampublikong pangkat sa pamamagitan ng lobbying o iba pang gawain, malinaw nating tinutukoy ang layunin, pangangailangan, kaangkupan, at panlipunang kabuluhan noon, ginagawa natin ang lahat ng pagkilos alinsunod sa mga tuntuning panloob upang magpasya kung magpapatuloy, sinusunod natin ang lahat ng kinakailangang proseso, at tinitiyak natin ang pagtalima sa mga naaangkop na batas at kalinawan.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pag-iwas sa Panunuhol
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa mga Gawaing Politikal at Politikal na Tulong
- Napagkasunduang Patakaran ng Grupo ukol sa mga Gawain ng Lobbying

## 10. Mga Empleyado: Pagsasanay sa Yamang-Tao at Pagtiyak ng Kaligtasan

10.1 Nagbibigay tayo ng pantay na pagkakataon para makapagtrabaho sa mga kapaligiran ng lugar ng trabaho kung saan iginagalang ang mga karapatang pantao ng bawat indibidwal at kung saan maaaring paunlarin at lubos na gamitin ng ating mga empleyado ang kanilang mga kasanayan, kakayahan, karanasan, at mapaigting ang kanilang motibasyon sa paraang nagbibigay-galang sa kanilang pagkakaiba-iba, pagkatao at indibidwalidad.

10.2 Mayroon tayong pandaigdigang pananaw sa ating trabaho, nagpapakita tayo ng pagtutulungan, gumagamit ng pagkamalikhain, pinahahalagahan natin ang pag-iisip na maging tagapanguna, at nag-aambag tayo sa pag-unlad ng Ajinomoto Group.

10.3 Sinusuportahan natin ang pagsisikap ng mga empleyado para magtamasa ng makabuluhang buhay at makapag-ambag sa kasaganahan ng lipunan sa pamamagitan ng patuloy na pag-unlad ng Ajinomoto Group. Sa layuning ito, palagi nating pinapabuti ang ating sarili sa pamamagitan ng mga bagong inisyatiba at programa.

10.4 Layunin nating magtaguyod sa lugar ng trabaho ng maginhawang kalagayan na magdudulot ng kasiyahan sa trabaho at magtataguyod ng mataas na antas ng pagiging produktibo.

10.5 Ginagawa at pinapanatili natin ang positibong kapaligiran sa mga pook-gawaan ayon sa malayang komunikasyon na ligtas sa anumang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso, kung saan ang bawat isa ay gumagalang sa karangalang-pantao.

10.6 Naniniwala tayong ang sandigan para sa patuloy na paglago ng Ajinomoto Group ay nakasalalay sa pisikal at mental na kapakanan ng ating mga empleyado. Nakikipagtulungan tayo sa ating mga opisyal at empleyado upang mapanatili at mapabuti ang kalusugan ng ating team.

10.7 Kumikilos tayo batay sa prinsipyong “Dapat nating bigyan ng prayoridad ang kaligtasang nagpoprotekta sa buhay” at magpatuloy sa pagpapabuti ng kaligtasan sa trabaho at kalusugan sa pamamagitan ng paglahok ng lahat ng mga opisyal at empleyado para matiyak ang kaligtasan ng lahat ng mga tauhang nagtatrabaho para sa Grupo.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Yamang-Tao
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kaligtasan sa Trabaho at Kalusugan

## 11. Pangangalaga at Pangangasiwa ng mga Ari-arian ng Korporasyon at mga Impormasyon ukol dito

11.1 Mahigpit nating pinangangalagaan at pinangangasiwaan ang mga tangible at intangible na ari-arian ng kumpanya, kasama ang data, mga lihim na kaalaman at yamang isip (kasama ang mga brand) ng Kumpanya.

11.2 Kinikilala natin ang kahalagahan ng pangangalaga ng privacy at personal na impormasyon, at kumukuha, gumagamit at nagbibigay lamang tayo ng personal na impormasyon sa mga naaangkop na paraan.
Mahigpit nating pinangangasiwaan ang lahat ng personal na impormasyon upang maiwasan ang pagkabunyag sa mga panlabas na partido, pagkawala, o pagkapinsala, at iginagalang natin ang privacy ng lahat ng mga stakeholder.

11.3 Pinakikinabangan natin ang ating karapatan sa yamang isip upang lumikha ng mga produkto at serbisyong may mataas na halaga, higit pang mapahusay ang halaga ng mga ito, at mag-ambag sa pag-unlad ng lipunan.

11.4 Iginagalang natin ang karapatan sa pagmamay-ari ng ideya ng ibang partido.

11.5 Itinuturing natin ang seguridad ng impormasyon bilang napakahalagang prayoridad sa ating mga gawain ng korporasyon at nagsisikap tayo upang mapangalagaan ang impormasyon mula sa lahat ng mga banta, kasama ang mga panlabas na attack.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pangangalaga ng Impormasyon
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagiging Pribado
- Napagkasunduang Patakaran ukol sa Intelektwal na Ari-arian

## 12. Malinaw na Pagkakaiba ng Negosyo at Personal na bagay

12.1 Gumagawa tayo ng mga hakbang upang matiyak na ang interes ng ating mga empleyado, maging ng kanilang pamilya, ay hindi kasalungat/katunggali sa interes ng Ajinomoto Group.

12.2 Hindi natin dinadala o ipinapabatid ang mga ari-arian o impormasyon ng Kumpanya sa labas ng Kumpanya nang walang pahintulot. Ginagamit natin ang mga ito para lamang sa mga layuning pangnegosyo at hindi para sa paghahangad ng pansariling interes.

12.3 Hindi natin pinapayagan ang anumang personal na pakinabang na nagmumula sa trabaho ng Kumpanya, tulad ng paggamit ng pondo ng Kumpanya para sa pansariling layunin, o anumang kilos na maaaring magdulot ng ganitong paghihinala, anuman ang halaga.

12.4 Nauunawaan natin na ang mga pangnegosyong relasyon na naitatag ng mga empleyado ay mananatiling pag-aari ng kumpanya matapos magretiro ang mga empleyado.

12.5 Malinaw na kinikilala natin ang kaibhan ng pangkumpanyang paglalathala at ng personal na paglalathala gamit ang social media. Tayo ay mulat sa ating mga tungkulin at responsibilidad bilang kasapi ng Ajinomoto Group, kahit na gamit ang personal na impormasyon, at hindi gagawa ng mga bagay na maaaring makasira sa pangalan ng Ajinomoto Group, sa reputasyon nito, o sa alinmang ari-arian nito.

## Hotline

- Ang mga kumpanya ng Ajinomoto Group ay nagtatakda ng mga paraan para makapag-ulat ang mga empleyado ng mga paglabag at problema ayon sa "Napagkasunduang Patakaran ng Grupo ukol sa Pagsusumbong," na nakalarawan sa Kabanata 1.
- Pangangalagaan ang personal na impormasyon, at igagalang ang privacy. Walang taong nagsumbong ang tatratuhin nang masama para lamang sa pag-uulat.
- Bukod sa mga hotline na itinatag sa mga indibidwal na kumpanya, maaari ring mag-ulat sa mga nakatala sa ibaba.

### Ajinomoto Group Hotline

WEB: https://ml.helpline.jp/g-hotline/

ID: hotline　　PW: ajinomoto

* Malalapitan 24 oras kada araw, 365 araw sa isang taon, sa 22 wika
* Kung ang ulat ay direktang kinasasangkutan ng isang direktor o opisyal, mangyaring piliin ang Hotline sa Audit Committee.

**Ajinomoto Co., Inc.**
15-1, Kyobashi 1-chome, Chuo-ku,
Tokyo 104-8315 Japan
Tel: +81 (3) 5250-8111
URL: http://www.ajinomoto.com/en/

Eat Well, Live Well.

Itinatag Hulyo 1, 2018
Ikalawang Edisyon Hulyo 1, 2021
Ikatlong Edisyon Hulyo 1, 2023
Ikaapat na Edisyon Abril 1, 2026